7:6
12-15-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 6, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

**KAPASIYAHAN BLG. 215-B-T2010**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA AT NAGBIBIGAY-PUGAY SA KAGALANG-GALANG KAGAWAD ISAGANI R. MALAPAYA, PANGULO NG LIGA NG MGA BARANGAY DAHILAN SA KANYANG MAHUSAY, MAKATAO AT MAKABAYANG SERBISYO BILANG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** ang Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya ay nanungkulan bilang Pangulo ng Liga ng mga Barangay sa loob ng tatlong taon sa bayan ng Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKA'T,** bilang kasapi ng Sangguniang Bayan ay nanungkulan nang mahusay at nagbigay ng makataong serbisyo sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** bilang lingkod-bayan ay nakapagpanukala ng mga batas at resolusyong pinagtibay ng Sangguniang Bayan at naging kapaki-pakinabang para sa mga mamamayan ng bayan ding ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin at bigyang-pugay ang Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya, Pangulo ng Liga ng mga Barangay dahilan sa kanyang mahusay, makatao at makabayang serbisyo bilang kasapi ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagalang-galang Isagani R. Malapaya, mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan